Mga Paaralan para sa ika-21 Dantaon

Ang karamihan sa mga istudyante sa mga paaralang Ingles, Katoliko at Prances sa Ontario ay nakakukuha ng mabubuting iskor sa mga pagsusulit sa pagbasa, pagsulat at matematika.Subali't mayroon bang iba pang mga paraan na dapat nating gamitin sa pagsukat ng tagumpay sa ating mga paaralan?

- Kung ating ilalarawan sa isip ang huwarang paaaralan, ano ang makakatulad nito?
- Anong uri ng mga paaralan ang ating kailangan sa ika-21 dantaon?
- Anong uri ng mga programa at mga mapagkukunan ng kaalaman ang dapat na makukuha sa bawat paaralan?

Dalawin ang aming mga website upang higit na malaman ang aming kampanya upang ilarawang panibago sa isip ang edukasyong publiko para sa ika-21 dantaon. **www.peopleforeducation.com**

Ang Edukasyon Para Sa Mga Tao ay makakatulong

Upang higit na malaman ang tungkol sa:

- kung sino ang gumagawa ng mga pagpapasiya tungkol sa laang-gugulin at patakaran sa edukasyon
- paghahanda sa inyong anak para sa kindergarten
- pagtulong sa inyong anak upang magtagumpay sa paaralan
- kung paano isinasagawa ang di-pangkaraniwang edukasyon
- paglutas ng mga suliranin sa paaralan
- panlalawigang pagsusulit, mga panayam ng magulang at guro at mga pagpili ng paaralang sekundarya
- Network ng Edukasyon Para Sa Mga Tao

Tawagan kami sa telepono sa **1-888-534-3944** (sa Toronto tumawag sa 416 – 534-0100) o pumunta sa aming website.
May mga materyales sa maraming mga wika at mga kawing sa lahat ng impormasyon sa edukasyon na kailangan ninyo.

Sino Kami

Ang Edukasyon Para Sa Mga Tao ay isang malayang organisasyon na pinangungunahan ng mga magulang, na gumagawa upang mapaunlad ang edukasyong publiko sa mga paaralang Ingles, Katoliko at Pranses ng Ontario.

Mula noong 1997 ang Edukasyon Para Sa mga Tao ay gumagawa upang bigyan ng suporta ang edukasyong publiko sa pamamagitan ng:

- Pagsasagawa ng mga pagsasaliksik
- Pakikipag-ugnayan sa publiko
- Paglalaan ng mga mapagkukunan ng kaalaman at suporta para sa mga magulang sa lahat ng dako ng Ontario

Pinagkakawing namin ang mga paaralan at mga magulang sa pamamagitan ng isang masiglang network, isang listserv, mga taunang komperensiya at mga regular na sulatbalita
Kami ay ginugugulan sa pamamagitan ng mga kaloob na pananalapi mula sa mga pundasyon, pangangalakal at ng Ministeryo ng Edukasyon at sa pamamagitan ng bukas-palad na suporta ng mga tao at sanggunian ng mga paaralan.
Upang higit na malaman ang tungkol sa amin, upang makuha ang mga kaalaman para sa inyong komunidad, o upang maging kasapi, bisitahin ang aming website sa: www.peopleforeducation.com
O tawagan kami sa : **1-888-534-3944**
Sa Toronto, tumawag sa **416-534-3944**

P.O. Box 64
Station P
Toronto M5S 2S6
www.peopleforeducation.com
info@peopleforeducation.com

People for Education is a registered charity: #85719 0532 RR0001
Printed on 100% recycled paper.

people for Education
BECAUSE EDUCATION MATTERS MOST

Filipino

Isang pagtingin sa loob ng mga paaralan ng Ontario



2007

Ang edukasyon ang minamahalaga sa lahat sapagka't ito ay may kinalaman sa bawa't bahagi ng hinaharap ng kabataan: ang kanilang mga pagkakataon sa pagtatagumpay, kaligtasan, kalusugan, at buhay bilang isang nakikilahok nang lubos na mamamayan.

Sa Mga Tao Sa Edukasyon, kami ay naniniwala na ang mga paaralang buong lakas na ginugugulan ng publiko na may malalawak na sakop na mga programa ay nagbibigay sa lahat ng mga istudyante ng pagkakataon upang matamo ang maaabot ng kanilang kakayahan- anuman ang kanilang wika, ang kinikita ng kanilang mga magulang, saanman sila nakatira, anumang liping pinagmulan, ang kanilang mga pangangailangan upang matuto, kanilang lahi o relihiyon.

Ang Mga Paaralan ng Ontario sa 2007

Taon-taon ang Mga Tao Para Sa Edukasyon ay naglalathala ng report tungkol sa mga paaralan ng Ontario na ginugugulan ng publiko.

Upang masundan ang mga programa at mga mapagkukunan ng kaalaman sa mga paaralan sa Ontario, ang Mga Tao Sa Edukasyon ay nagpapadala ng mga pagsusuri sa kapulungan ng mga paaralan at mga punong-guro ng mga paaralang elementarya at sekundarya na Ingles, Pranses at Katoliko ng Ontario sa buong lalawigan..

Ang mga data sa brosyur na ito ay nanggagaling mula sa mga pagsusuring yaon at sa Ministeryo ng Edukasyon, sa Kapulungang Kanadyan sa Pagkakatuto at sa OECD.

Para sa kompletong Taunang Report Ng Mga Paaralang Publiko ng Ontario sa 2007 karagdagang impormasyon tungkol sa edukasyong publiko sa Ontario at mga makakatulong na pahiwatig para sa mga magulang sa maraming wika, bisitahin ang aming website sa: **www.peopleforeducation.com**

Ano Ang Mga Naipapakitang Mabuting Nagagawa

Ang mga iskor sa pagsusulit at bilang ng mga nakakatapos

- 90% ng mga istudyante sa elementarya sa Ontario ay pumasa sa panlalawigang pagsusulit sa ika-3 at ika-6 na baytang sa pagbasa, pagsulat at matematika.
- Ang Ontario ay may pinakamababang bilang ng mga humihinto sa pag-aaral sa Canada
- Ang mga Kanadyan na 15 taong gulang ay ikatlo sa pinakamataas na pamantayang iskor sa mga pagsusulit na internasyonal sa pagbasa sa lahat ng mga bansa sa OECD at ang istudyante mula sa Ontario ay nagtamo ng iskor na mataas sa pamantayang Kanadyan. .
- Ang Ontario ang may pinakamataas na bilang ng mga 25 hanggang 64 taong gulang na nakatapos ng pag-aaral sa unibersidad.

Laki Ng Klase

- Ang mga klase ay higit na maliliit—58% ng kindergarten hanggang ika- 3 baytang ng mga klase ay may 20 istudyante o maliit pa at 98% ay may 25 istudyante o maliit pa..

Edukasyong Pangkatawan

- 41% ng mga paaralang elementarya ay may guro para sa edukasyong pangkatawan, isang pag-unlad mula nuong isang taon.

Mag Punong-guro

- 89% ng mga paaralang elementarya at 97% ng mga paaralang sekundarya ay may punong-guro na nag-uukol ng buong-panahon nila sa gawain.

Ang mga Gusaling Pampaaralan

- 56% ng mga paaralan ay nagkaroon ng isang pangkalahatan sa pinakamaliit na pagtataas ng kalagayan o pagkukumpuni/pagdadagdag sa taong ito.

Ano Ang Nangangailangan Ng Pag-unlad

Suporta para sa bagong dating

- Nagkaroon ng 23% pagbaba sa porsiyento ng mga paaralang elementarya na may mga guro sa Ingles Bilang Ikalawang Wika mula nooong 2000. Sa loob ng nasabing panahon, nagkaroon ng 29% pagtaas sa porsiyento ng mga paaralan na mayroong mga istudyante sa Ingles Bilang Ikalawang Wika.

Mga guro sa musika

- 46% ng mga paaralang elemtarya ang mayroong guro sa musika na nagpapatuloy sa pataas na kalakaran sa nakalipas na tatlong taon, subali't higit na mababa pa rin kaysa noong 1997 nang 58% ng mga paaralan ay may mga guro sa musika .

Mga Aklatan

- 57% lamang ng mga paaralang elementarya ng Ontario ang mayroong gurong-laybraryan kung ihahambing sa 80% noong 1997/98.
- Sa mga paaralang sekundarya 73% ang may gurong-laybraryan kung ihahambing sa 78% noong 2000/01.

Di- pangkaraniwang edukasyon

- Sa mga paaralang elementarya, ang pamantayang proporsiyon ng mg istudyante sa di-pangkaraniwang edukasyon sa mga guro sa di-pangkaraniwang edukasyon ay 30.4 to 1, na higit na mabuti kaysa noong nakaraang taon, subali't higit na mataas kaysa noong 2000/01, nang ang proporsiyon ay 22.4 to 1.
- Sa mga paaralang sekundarya, ang pamantayang proporsiyon ng mga istudyante sa di-pangkaraniwang edukasyon sa mga guro ay 51.2 to 1.

"Fundraising" at mga Kabayaran sa paglilingkod

- Ang mga paaralan sa buong lalawigan ay nakalikom ng $576 milyon noong 2005/06 sa pamamagitan ng "fundraising", mga kabayaran sa paglilingkod at mga negosyong komersiyal gaya ng mga "vending machines".
- Ang pamantayang kabayaran sa mga gawaing pag-istudyante sa paaralang sekundarya ay itinaas ng 50% mula noong 2001.